

Kawasaki Shimin Matsuri: panawagan para sa mga nais lumahok!



市民祭参加者募集

Ang ika-29 taong Piyesta ng mamamayan/ Shimin Matsuri ay gaganapin sa Fujimi Ko-en ng Distrito ng Kawasaki sa ika-3, 4, 5 araw ng Nobyembre. Nangangailangan ang Siyudad ng Kawasaki ng mga kalahok sa ibentong ito.

Ang mga kalahok sa awitan, sayawan at mga mag-paparada ng may banda at baton at mga nais magtinda ng pagkain at iba pang gamit sa bazaar.

Sa mga nais lumahok, mangyaring mag-aplay sa pamamagitan ng pagpapadala ng self-addressed envelope sa: Citizen Affairs Bureau, Citizen Cultural Affairs Office, Kawasaki City, postal code 210-8577.

Sa labas ng sobre, isulat sa pulang tintadong bolpen kung anong kategorya ang nais aplayan kung ibento, parade o bazaar. Ang sobre sa loob kung saan ito ay babalik sa inyo, ay kinakailangan may laking No. 2 na sobre na kung saan maaaring magkasya ang A4 size na dokumento o papeles. Siguraduhing nakasulat ang inyong pangalan ng maliwanag. Kailangan ding mag lakip ng halagang ¥240 na selyo kasama ang inyong self-addressed envelope.

Pagkatapos buoin ang lahat, dalhin ang porma ng aplikasyon sa Festival's Executive Committee ng hindi aabot ng ika-31 ng Agosto. Ang kanilang tanggapan (**Kawasaki shimin Matsuri jikkou iinnkai jimukyoku**) ay matatagpuan sa ikalawang palapag ng Toyama Bldg. 1-8-20 Honcho, Kawasaki ward, Kawasaki City Sa mga katanungan tumawag sa executive committee; 044-200-2308.

Eksibisyon ng Potogyapiya: Yunosuke Natori at Istudyo Nippon

市民ミュージアム報道写真展等

Ang Kawasaki City Museum (Kawasaki Shimin Museum) ay kasalukuyang punong-abala ng eksibisyon sa potograpiko at grapik na disenyo ni Ginoong Yunosuke Natori at ang grupong itinatag nito.

Si G. Yunosuke Natori ay nagdala ng tekniko sa paggupit at modernong pag-iisip ukol sa potograpikong pam-balita mula sa bansang Hapon hanggang sa kanluran (west). Bilang isang aktibong litratista, itinatag niya ang Nippon Studio noong 1933. Ang mga naka-display sa museo ay mga nangungunang halimbawa ng potograpiko at disenyong grapiko bago magkaroon ng digmaan at panahon mismo ng digmaan. Isang natatanging tampok dito ang magasing may larawan: Nippon, kung saan ito ay kilala at publikasyong iginagalang sa bansang Hapon sa panahong ito dahil sa lubusang nilalaman nito at disenyo. Ang eksibisyong ito ay nagsasalaysay ng buong kasaysayan kung papaano binuksan ni G. Yunosuke Natori ang bago at buong kahalagaan ng arteng grapiko at potograpiko ng Hapon. Magpapatuloy ang eksibisyong ito hanggang ika-3 ng Septyembre (Linggo).

Ang bayad sa pagpasok sa eksibisyon ay ¥800yen para sa adulto, ¥500 yen para sa hayskul at kolehiyo, at libre naman para sa mga junior high school pababa at mga may 65 taong gulang.

Makakarating sa Kawasaki City Museum sa pamamagitan ng pagsakay ng bus mula istasyon ng Musashi-Kosugi, bumaba sa "Shimin Museum Mae". Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa Kawasaki City Museum: 044-754-4500.





Ika-10 Anibersaryong konsiyerto ng Kawasaki-Bucheon

Sampung taon na mula nang itatag ang pagpapalitan, pakikipagkaibigan ng Kawasaki City, Japan at ng Bucheon City, South Korea. At upang idaos ang pagdiriwang nito, may gaganaping konsiyerto sa ika-9 ng Septyembre (Sabado) ika-6 ng gabi sa Muza Kawasaki Symphony Hall. Ang mga magtatanghal ay ang Bucheon Philharmonic Orchestra at ang Kanagawa Philharmonic Orchestra.

Ang tiket ay mabibili sa halagang ¥3,500 yen para sa upuang S-class, ¥2500 yen para sa upuang A-class. Ang mga mag-aaral ng elementarya at hayskul ay ¥1000 yen.

Ang Muza Kawasaki Symphony Hall ay isang minutong lalakaran mula sa istasyon ng JR Kawasaki. Para sa iba pang detalye, tumawag sa Kawasaki City Citizen Affairs Bureau, Citizen Cultural Affairs Office (The Shimin Bunka shitsu) ng 044-200-2030.

Sangay ng Sanggunian para sa mga residenteng dayuhan

Magsisimula na ang Sangay ng Sanggunian para sa mga residenteng dayuhan nitong Oktubre ng ika-una at ikatlong itinakdang araw ng buwan. Ang iskedyul ay ang mga sumusunod:


Asao Ward Office

Kawasaki Ward Office

Wika	Araw	Oras	*	Wika	Araw	Oras
Intsik	Martes	9:30-12:00	*	Intsik	Martes	14:00-16:30
Tagalog	Miyerkoles	14:00-16:30	*	Tagalog	Miyerkoles	9:30-12:00
Ingles	Huwebes	9:30-12:00	*	Ingles	Huwebes	14:00-16:30

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at * Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

* Mula ika-1 ng Septyembre, malilipat ang araw ng konsultasyon sa wikang Kastila mula **Huwebes** sa araw ng **Miyerkoles**

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>